Pagtuklas ● Pag-unawa ● Pagtugon

# BIBLE STUDY

## 1 Mga Taga-Tesalonica 5:1-11

### SMALL GROUP SESSIONS

March 27-April 02, 2022

Kamuning Bible Christian Fellowship

# 1 Mga Taga-Tesalonica 5:1-11

## Mahalagang Prinsipyo sa Buhay




PAGTUKLAS



PAG-UNAWA



PAGTUGON




# 1 Mga Taga-Tesalonica 5:1-11

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

## Maging Handa sa Pagdating ng Panginoon


1 Mga kapatid, hindi na kailangang isulat
ko pa sa inyo kung kailan magaganap
ang mga bagay na ito, 2 sapagkat alam
na ninyo na ang pagdating ng Araw ng
Panginoon ay tulad ng pagdating ng
magnanakaw sa gabi.



# 1 Mga Taga-Tesalonica 5:1-11

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)


3 Kapag sinasabi ng mga tao, “Tiwasay
at panatag ang lahat,” biglang darating
ang kapahamakan. Hindi sila
makakaiwas sapagkat ang pagdating
nito'y tulad ng pagsumpong ng sakit ng
tiyan ng isang babaing manganganak. 4
Ngunit wala na kayo sa kadiliman, mga
kapatid, kaya't hindi kayo mabibigla sa
Araw na iyon na darating na parang
magnanakaw.



# 1 Mga Taga-Tesalonica 5:1-11

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)


5 Kayong lahat ay kabilang sa panig ng
liwanag, sa panig ng araw, hindi sa panig
ng gabi o ng dilim. 6 Kaya nga,
kailangang tayo'y manatiling gising,
laging handa, at malinaw ang isip, at di
tulad ng iba. 7 Sa gabi ay karaniwang
natutulog ang tao, at sa gabi rin
karaniwang naglalasing.



# 1 Mga Taga-Tesalonica 5:1-11

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

8 Ngunit dahil tayo'y sa panig ng araw,
dapat maging matino ang ating pag-
iisip. Isuot natin ang baluti ng
pananampalataya at pag-ibig, at isuot
ang helmet ng pag-asa sa pagliligtas na
gagawin sa atin ng Diyos. 9 Hindi tayo
pinili ng Diyos upang bagsakan ng
kanyang poot, kundi upang iligtas sa
pamamagitan ng ating Panginoong
Jesu-Cristo.



# 1 Mga Taga-Tesalonica 5:1-11

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

10 Namatay siya para sa atin upang
tayo'y mabuhay na kasama niya, maging
buháy man tayo o patay na sa kanyang
muling pagparito. 11 Dahil dito, palakasin
ninyo ang loob ng isa't isa at
magtulungan kayo tulad ng ginagawa
ninyo ngayon.

# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

Habang papalapit ang Araw ng Panginoon, mamumuhay ako ng may kalistuhan at disiplina habang hinihikayat ang iba na gawin din ito.

# QUESTION 1

Ayon sa talata, inaasahan ni Pablo na alam ng mananampalataya sa Tesalonica ang tungkol sa paraan/wani ng pagbabalik ni Jesus. Paano ito inilarawan?

1 Mga Taga-Tesalonica 5:1-11

## PAGTUKLAS

# QUESTION 2

Ano ang mga tagubilin ni apostol Pablo sa mga taga-Tesalonica ngayong alam na nila na babalik si Hesus ng hindi inaasahan?

1 Mga Taga-Tesalonica 5:1-11

# PAGTUKLAS

# QUESTION 1

Sa talatang 6, ano ang ibig sabihin ng "huwag tayong maging pabaya katulad ng iba na natutulog, kundi maging handa at mapagpigil sa sarili"? Nangangahulugan bang hindi tayo dapat matulog?

1 Mga Taga-Tesalonica 5:1-11

PAG-UNAWA

# QUESTION 2

Ang talatang 8 ay isang larawan ng espirituwal na kahandaan, isang sundalo na nakasuot ng pananggalang baluti. Bakit ito mahalaga?

1 Mga Taga-Tesalonica 5:1-11

## PAG-UNAWA

# QUESTION 3


Sa iyong palagay, bakit nagpasya si Pablo na sabihin ang mga pangwakas na salita “Samakatuwid, patuloy ninyong pasiglahin at patatagin ang isa't isa?"

1 Mga Taga-Tesalonica 5:1-11

# PAG-UNAWA

# QUESTION 1

Ating tingnan ang mga night-shift guards. Upang manatiling mapapagbantay, nangangailangan sila ng pokus at katatagan. Ano ang pipigil sa kanila upang hindi lumihis at magambala sa kanilang tungkulin? Ihambing ang iyong mga mungkahi sa sariling mong buhay kung paano ka magiging mapagbantay at hindi lango/lasing habang naghihintay sa pagbabalik ni Kristo.




1 Mga Taga-Tesalonica 5:1-11

# PAGTUGON

# QUESTION 2

Ang pananatiling hindi lango/lasing at ang pagsusuot ng espirituwal na baluti ng Diyos ay mahalaga. Ano ang ilan sa mga paraan na magagawa mo, at ng iba pang mananampalataya, upang manatiling alerto, malinaw ang isip, matatag, saligan, at mapigilang matamaan ka ng mga nagniningas na palaso ng kaaway.



1 Mga Taga-Tesalonica 5:1-11

## PAGTUGON

# 1 Mga Taga-Tesalonica 5:1-11

## Mahalagang Prinsipyo sa Buhay



PAGTUKLAS



PAG-UNAWA



PAGTUGON

# MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

Habang papalapit ang Araw ng Panginoon, mamumuhay ako ng may kalistuhan at disiplina habang hinihikayat ang iba na gawin din ito.

Small Group Sessions

# PANGWAKAS NA PANALANGIN



Pagtuklas ● Pag-unawa ● Pagtugon

# BIBLE STUDY

## 1 Mga Taga-Tesalonica 5:1-11

## SMALL GROUP SESSIONS

SEE YOU NEXT WEEK

Kamuning Bible Christian Fellowship

# KBCF

kbcf.org.ph KBCFofficial KBCFamily kbcf.office@gmail.com 0917-886-6650 8927-7420 | 8928-6584